PRAYMER



# Oryentasyon ng
# **Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (UMA)**

Ang UNYON NG MGA MANGGAGAWA SA AGRIKULTURA (UMA) ay ang pambansang progresibong sentro ng mga unyon, pederasyon, asosasyon at organisasyong masa ng mga manggagawang agrikultural sa Pilipinas. Ang UMA ay kumikilos nang may mahigpit na pakikipagtulungan sa iba pang progresibong organisasyong masa sa Pilipinas gaya ng militanteng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP), Kilusang Mayo Uno (KMU), at iba pang pormasyon sa ilalim ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN).

Ang UMA ay kasapi ng mga internasyunal na pormasyong Asian Peasant Coalition (APC), Coalition of Agricultural Workers International (CAWI) at ng International League of Peoples' Struggle (ILPS).

---

Inilathala ng **Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (UMA)**
www.umapilipinas.wordpress.com

tanggapan: #56 K-9th St., West Kamias, Quezon City
telefax: (02) 799.2009

email: uma.pilipinas@gmail.com
twitter: @UMApilipinas

hanapin ang **UMA Pilipinas** at **Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura** sa Facebook

# I. INTRODUKSYON

Ang problema sa lupa ay nananatiling pundamental na suliranin ng lipunang Pilipino. Dulot ng ilang dekada ng pagpapatupad ng mga pekeng programa sa reporma sa lupa ng estado, malaking mayorya ng mga magsasaka ay patuloy na pinagkakaitan ng karapatang magkaroon ng sariling lupang mabubungkal. Ang mga magbubukid ay lagi nang pinalalayas mula sa mga lupaing kanilang nililinang. Ang lumalaking bilang ng mga manggagawang agrikultural – o ng mga magsasaka at kanilang mga anak na napipilitan na lamang maging mga manggagawang agrikultural na nagpapakaalipin para sa makapangyarihang mga panginoong maylupa at dambuhalang agrikorporasyon – ay patunay ng lumalalim na krisis pang-ekonomiya sa Pilipinas. Ang pagbibibigay-solusyon sa problema sa lupa ang pangunahing nilalaman ng pambansa-demokratikong pakikibaka ng sambayanang Pilipino.

Sa ating bansa, isang tampok na bahagi ng kilusang magbubukid ang patuloy na pakikibaka ng mga magbubukid sa Hacienda Luisita, ang makasaysayan at kontrobersyal na tubuhan at asukarera na ilang dekada nang kinokontrol ng isa sa pinakamakapangyarihang pamilya ng mga panginoong maylupa na humawak sa estado poder – ang pamilya Aquino-Cojuangco.

Ang maka-panginoong maylupang Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) ay isinabatas noong 1988, sa ilalim ng panunungkulan ni Presidente Corazon Cojuangco-Aquino. Sa ilalim ng rehimen ng isa pang Aquino-Cojuangco, si Benigno Simeon Aquino III, nananatiling mailap ang tunay na reporma sa lupa at hustisya para sa libu-libong manggagawang-bukid sa Hacienda Luisita. Daanlibong manggagawang agrikultural at ang milyun-milyon na kabilang sa pamilyang magbubukid sa buong bansa ay nililigalig ng problema sa lupa at ng marahas na pagsupil sa kanilang mga karapatan. Noong Nobyembre 2004, ang kauna-unahang Welgang Bayan ng libu-libong manggagawa sa asukal sa Luisita ay sinalubong ng madugong dispersal.

Sa kabila nito, nakita ng mga manggagawang agrikultural na hinog na ang panahon upang sila'y mag-organisa at upang iangat ang antas ng kanilang mga pakikibaka. Ang UMA ay itinatag noong Enero 20, 2005, dalawang buwan lamang matapos ang masaker sa Hacienda Luisita. Makasaysayan ang buwan ng Enero para sa mga manggagawang agrikultural. Ang buwang

ito ay nakatala din sa mga magsasaka sa paggunita sa naganap na Mendiola Massacre noong Enero 22, 1987. Nakita ng mga manggagawang agrikultural ang pangangailangang dalhin ang mga lokal na pakikibaka para sa lupa, sahod, trabaho at demokratikong karapatan sa antas ng pambansang kamalayan. Sinasalamin ng mga pangyayaring ito ang kalunus-kalunos na kalagayan ng mga magsasaka at manggagawang agrikultural gayundin ang kontra-mamamayan at pasistang katangian ng estado ng Pilipinas. Ipinakita ng pakikibakang naganap sa Hacienda Luisita ang militanteng pagbabalikwas sa harap ng mala-alipin na kalagayan ng mga manggagawang agrikultural.

Tumitindi ang iba't-ibang anyo ng pagsasamantala sa mga mangagawang agrikultural. Dahil sa monopolyo sa lupa ng mga malalaking panginoong maylupa, burgesya komprador at imperyalista, nakatali ang mga mangagawang agrikultural sa napakababa at mala-aliping pasahod, di-regular na trabaho at kawalan ng benepisyo gaya ng pabahay o serbisyong pangkalusugan habang dumaranas ng di-makataong kundisyon sa paggawa. Hindi lang sa init ng araw o sa ulan nalalantad ang mga manggagawang agrikultural. Karaniwan na wala silang proteksyon laban sa nakalalason na mga pestisidyo at kemikal na pinagagamit ng imperyalistang agrikorporasyon para mapanatili diumano ang quality control ng kanilang mga produkto.

Pinakamasahol ang kundisyon ng nakararaming manggagawang-bukid o seasonal farmworkers na tumatanggap ng pinakamababang sahod sa laganap na sistemang pakwayan (piece-rate) sa mga asyenda at plantasyon. Walang katiyakan ang kanilang hanapbuhay at wala ring natatanggap na benepisyo sa kabila ng mahabang oras at kayod-kalabaw na pagtatrabaho. Bukod dito, madalas din na kinakaharap ng mga manggagawang agrikultural ang mga tuso at garapal na patakaran ng mga kapatas, kontratista, kabesilya at rekruter.

Dahil sa neoliberal na polisiya ng imperyalismo ay lalo pang sumisidhi ang aping kalagayan ng mga manggagawang agrikultural sa kasalukuyan. Lalo pang pinalawak ang monopolyo sa lupa ng iilan kaalinsabay ng patakaran ng walang pagtataas ng sahod at kontraktwalisasyon sa paggawa. Lalo pang pinahigpit ang kadena ng pang-aalipin sa mga magbubukid at manggagawang agrikultural sa pamamagitan ng de-kontratang pagpapatanim o contract agriculture at maka-panginoong maylupa at maka-imperyalistang mga patakaran sa huwad na reporma sa lupa gaya ng Stock Distribution Option (SDO), leaseback agreement,

contract growing, corporative scheme at iba pang anyo ng mga Agribusiness Ventures Arrangements (AVAs) na pinahintulutan ng bogus na CARP.

Pinatindi ang katutubong pyudal at malapyudal na pagsasamantala sa mga manggagawang agrikultural. Walang isinagawang komprehensibong pagpapaunlad sa mga asyenda at plantasyon. Sa halip, ang anumang pagpapaunlad ay ginagawa lamang para tugunan ang lumalaking pangangailangan ng mga imperyalistang bansa sa mga produktong agrikultural na pangunahing nakatuon sa eksport. Sa malalaking asyenda at plantasyon, ang pagpapaunlad sa produksyon at makinarya ay para sa ibayong pagpapalawak ng monopolyo at hindi para umunlad ang kabuhayan o gumaan ang pagtatrabaho ng mga manggagawa. Bagkus ay lalong lumalaki ang bilang ng mga mangggawang agrikultural na alipin ng mababang pasahod. Sa ganitong iskema, tumatabo ng limpak-limpak na tubo ang mga panginoong maylupa, burgesya komprador at mga imperyalista.

Sa ganitong konteksto ay napapanahon ang pagbubuo, pagpapalawak at pagpapalakas ng UMA. Nasa unahan ng layunin nito ang pagbubuklod sa mga manggagawang agrikultural sa pambansang saklaw upang ipagtanggol ang kanilang kabuhayan at bigksin ang kanilang mga pakikibaka sa lupa, sahod, trabaho at karapatan sa pambansang saklaw.

## II. ANG UNYON NG MGA MANGAGAGAWA SA AGRIKULTURA O UMA

Ang Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura o UMA ay ang progresibong pambansang sentrong unyon ng mga manggagawa sa agrikultura. Sinasaklaw ng UMA ang mga unyon, pederasyon, alyansa at organisasyon ng mga manggagawang agrikultural na matatagpuan sa mga asyenda at plantasyon ng tubo, pinya, saging, oil palm, goma, mangga, tabakuhan at iba pang katulad na mga komersyal na produktong agrikultural na nasa ilalim ng sistema ng malalaking asyenda at plantasyon. Itinatag ang UMA noong Enero 20 2005 sa pagkakaisa ng mga manggagawang agrikultural mula sa Luzon, Visayas at Mindanao.

Sa malalawak na asyenda at plantasyon matatagpuan ang pinakamalaking konsentradong bilang ng mga manggagawang agrikultural. Nabibilang dito ang manggagawang-bukid sa loob ng mga asyenda na nagbebenta ng lakas-paggawa bilang mga sakada, upahang manggagawang-bukid o seasonal farmworkers. Ang mga manggagawa sa mga kaugnay na proseso o empresa na nasa loob ng mga asyenda at plantasyon gaya ng mga ilohan o milling, packaging plant, at iba pa ay kabilang sa mga manggagawang dapat pukawin, organisahin at pakilusin.

Ang mga manggagawang agrikultural ay walang sariling lupang sinasaka at pangunahing biktima ng monopolyo sa lupa. Sila ay nagbebenta ng lakas-paggawa. Sila ang proletaryado sa kanayunan. Kalakhan sa kanila ay natransporma sa pagiging manggagawang agrikultural dulot ng pangangamkam sa lupa, o nang mapilitan silang magsangla ng lupa o pumasok sa mga di-pantay na kontrata sa mga panginoong maylupa, mga dambuhalang agrikorporasyon at kanilang mga tau-tauhan o "dummy." Kabilang din sa mga manggagawang agrikultural ang mga anak ng mga maliliit na nakikisama at namumuwisan na kadalasan ay nagbebenta ng lakas-paggawa sa mga asyenda at plantasyon upang may maidagdag sa kanilang pang araw-araw na panustos.

Sa Pilipinas, ang mga asyenda at plantasyong ito ay karaniwang pinatatakbo ng malalaking panginoong maylupa at burgesya komprador, at ng mga dayuhang agrikorporasyon at/o mga sosyohan ng dayuhan at lokal na korporasyon. Tampok rito ang mga dambuhalang multinasyunal at transnasyunal na korporasyon (MNC at TNC) gaya ng Dole-Itochu Philippines, Dole-Stanfilco, Del Monte Philippines, Sumifru, at ang mga lokal na asyenda at agrikorporasyon gaya ng Tagum Development Corporation (TADECO), Victorias Milling Corporation, Lapanday Development Corporation (LADECO), Agumil, Hacienda Luisita, Hacienda Roxas, mga asyenda sa Negros at iba pa.

Layunin ng UMA na pagbuklurin sa pambansang antas o saklaw ang mga manggagawang agrikultural upang ipaglaban ang lupa, sahod, at trabaho at lehitimong karapatan. Kabilang dito ang pakikibaka para sa pagtitiyak ng kaseguruhan sa trabaho, mga benepisyo sa pagtatrabaho at makataong kundisyon sa paggawa. Bilang bahagi ng militanteng kilusang magbubukid sa bansa, pinagbubuklod ng UMA ang mga manggagawang agrikultural upang ipaglaban ang karapatan sa lupa, katarungang panlipunan, tunay na

demokrasya at pambansang soberanya.

Ang mga pakikibakang ito ay bahagi ng sentral na layunin at pakikibaka ng mga manggagawang agrikultural para sa tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon.

## III. PRINSIPYO AT PANINIWALA

Buo ang paniniwala ng UMA na nakaugat ang suliranin ng mga manggagawang agrikultural sa monopolyo sa lupa ng iilang malalaking panginoong maylupa, burgesya komprador at imperyalista. Dahil sa monopolyong ito naitatakda at napapairal sa mga asyenda at plantasyon ang iba't ibang anyo ng pagsasamantala sa mga manggagawang agrikultural.

Malinaw na ang malalawak na lupaing kinokontrol ngayon ng mga lokal at dayuhang monopolyo ay nagmula sa pangangamkam sa mga magsasaka. Patuloy ang kanilang pangangamkam, habang bahagya lamang ang ginagawang pagpapaunlad sa mga kagamitan sa produksyon na nagsisilbi lamang sa pagpapanatili ng kontrol at ibayong pagpapalawak ng kanilang monopolyo. Ang pag-iral ng ganitong kondisyon ay pinalalala ng mga anti-magsasaka at anti-manggagawang patakaran at batas, marahas na panunupil, at pangangayupapa ng estado sa mga neoliberal na polisiya ng imperyalismo.

Kaya't buo ang paniniwala ng UMA na ang daantaon nang pagsasamantala sa mga magbubukid ay malulutas lamang sa pagbuwag ng monopolyo sa lupa ng mga malalaking panginoong maylupa, burgesya komprador at dayuhang agrikorporasyon. Ito ay makakamit lamang sa tuluy-tuloy na pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon habang isinusulong ang mga kagyat at taktikal na pakikibaka para sa sahod, benepisyo at iba pang demokratikong karapatan ng mga manggagawang agrikultural.

### *Ang pakikibaka para sa sahod, trabaho at karapatan*

Habang hindi pa nakakamit ang pagpapatupad ng tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon ay tama lamang na aktibong makibaka ang mga manggagawang agrikultural para sa mga kagyat at taktikal na kahilingan

tulad ng pagtataas ng sahod, kaseguruhan sa pagtatrabaho, mga benepisyo at iba pang demokratikong karapatan.

Ang mga pakikibakang tulad nito ay nagsisilbi sa mga kagyat na panawagan para sa mga batayang reporma at taktikal na kahilingan ng mga manggagawang-bukid at bahagi ng tuluy-tuloy na pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon.

Nagsisilbi ito para ipagtanggol at igiit ang mga interes at batayang karapatan ng mga manggagawang-bukid at manggagawang agrikultural para mabuhay. Ang mga pakikibakang ito ang nagsisilbi ring sandata ng mga manggagawang agrikultural para salagin at tuluy-tuloy na ilantad ang mga atake ng estado at imperyalismo laban sa kanilang kabuhayan at karapatan.

Inilalantad ng mga pakikibakang ito ang kahungkagan ng mga programa ng estado na naglilingkod lamang sa mga malalaking panginoong maylupa, burgesya komprador at dayuhan tulad ng bogus na CARP at mga maanomalyang proyekto na para diumano sa mga magsasaka. Bahagi rin nito ay nailalantad ang kawalan ng interes o komprehensibong programa ng estado para tugunan ang mga isyu at problema ng mga manggagawang agrikultural sa usapin ng sahod, seguridad sa trabaho, karapatan sa pag-oorganisa, at iba pang demokratikong karapatan.

Mahalagang sandata ng mga manggagawang agrikultural ang matibay o malakas na organisasyon at sama-samang pagkilos upang makamit ang mga kagyat na kahilingang ito para sa sahod, trabaho at karapatan. Halimbawa nito ang iba't ibang anyo ng pagkilos at protesta sa lansangan, korte, parlamento at iba pa. Sa pamamagitan ng mga matatag na pagkakaisa sa loob ng mga unyon ay organisadong inilulunsad ng mga manggagawang agrikultural ang welga o sama-samang pagtigil sa pagtatrabaho upang mariing irehistro at ipaglaban ang mga partikular na kahilingan kaugnay ng mga isyu sa paggawa. Naipakita na rin sa kasaysayan ang paglahok ng buong komunidad sa mga welgang bayan, bilang suporta sa militanteng pakikibaka ng mga manggagawa, o bilang tugon sa maiinit na isyung pambayan at pampulitika. Ang pangkalahatang welga o *general strike* ang pinakamataas na sandata ng manggagawa para sa panlipunang pagbabago.

***Ang pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon***

Ang pagbuwag sa monopolyo sa lupa ng mga panginoong maylupa, burgesya komprador at imperyalista at libreng pamamahagi sa mga magbubukid ang sentral na layunin ng tunay na reporma sa lupa. Tinutugunan nito ang mithiin ng mga magbubukid na pawiin ang mga pagsasamantalang pyudal at malapyudal na nakaugat sa monopolyo sa lupa ng iilan.

Kung gayon, ang pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa sa mga asyenda at plantasyon ay nakatuon din sa paggigiit ng karapatan sa lupa ng mga manggagawang agrikultural at manggagawang-bukid at sa paglaban sa monopolyo sa lupa ng iilan, pangangamkam ng lupa at pagpapalayas sa mga magsasaka. Nagpapatuloy ang mga lokal na pakikibaka ng mga manggagawang-bukid sa iba't ibang panig ng bansa.

Mula sa iba't ibang anyo ng sama-samang pagkilos, protesta at welga, ang pakikibaka ng mga manggagawang-bukid at manggagawang agrikultural ay umabot na sa organisadong okupasyon ng mga lupain o militanteng paggigiit sa kanilang karapatan sa lupa sa pamamagitan ng mga bungkalan o balik-saka *(balik-uma)*. Ang kooperasyon at mga inisyatiba sa bungkalan ay mulat, organisado at aktibong pinauunlad ng mga manggagawang agrikultural kaalinsabay ng pakikibaka para sa lupa at soberanya sa pagkain.

Ang mga magbubukid, manggagawang agrikultural at ang kanilang mga komunidad ay dapat pagkaisahin upang ipagtanggol ang kabuhayan at paninirahan, at salagin ang ibayong pangangamkam at pandarambong sa kanilang mga lupain at likas na yaman lalo na sa anyo ng agresibong ekspansyon ng dambuhalang plantasyon, pagpapalit-tanim at pagpapalit-gamit ng mga lupain *(crop and land use conversion)*. Sasaklawin din ng tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyasasyon ang Pilipinisasyon ng mga lupaing nasa kamay ng mga dayuhan, at mga empresa at kagamitan sa produksyon sa loob ng asyenda at plantasyon na pag-aari ng mga dayuhan.

Magkaagapay na isusulong ang tunay na reporma sa lupa at ang pambansang industriyalisasyon. Sasaklawin din ng tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon ang pagsasabansa sa mga empresa at kagamitan sa produksyon sa loob ng mga asyenda at plantasyon.

Pangunahing lalamanin nito ang komprehensibong plano ng pagpapaunlad

at pagtataas ng antas ng produksyon ng mga asyenda at plantasyon. Kaakibat nito ang pagpapaunlad sa kabuhayan ng mga manggagawang agrikultural. Pangunahing tutugunan nito ang pagtataas ng sahod, pagtitiyak ng regular na trabaho at mga benepisyo at makataong kondisyon sa paggawa at iba pang serbisyong panlipunan para sa mga manggagawang agrikultural na nagtatrabaho at naninirahan na sa loob at paligid ng mga asyenda at plantasyon.

Malaki at mapagpasya ang papel ng mga manggagawang agrikultural sa pagtitiyak hindi lamang ng kanilang interes at mga kagalingan, kundi sa pagtitiyak sa interes at kagalingan ng buong mamamayan sa pagpapatakbo at pangangasiwa ng mga asyenda at plantasyon sa panahon ng pagpapatupad ng tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon. Sa panahong ito, hakbang-hakbang na papawiin ang daantaong pagsasamantala sa mga magbubukid at manggagawang agrikultural na nakaugat sa monopolyo sa lupa ng malalaking panginoong maylupa, burgesya komprador at imperyalista.

### *Ang pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya*

Hindi lubos na makakamit ng mga manggagawang agrikultural ang kalayaan mula sa pang-aalipin at pagsasamantala kung hindi makakamit ng buong bayan ang pambansang kalayaan at tunay na demokrasya. Kailanman ay hindi rin magkakaroon ng tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisayon sa ating bayan hangga't ang kontrol at dominasyon ng mga dayuhan, malalaking panginoong maylupa at burgesya komprador ay hindi nabubuwag.

Ang pakikibaka para sa pambansang kalayaan ay nakatuon sa pagpapalaya ng Pilipinas mula sa dominasyon ng imperyalismo. Ang mga neoliberal na patakaran at programa ng imperyalismo sa pangunguna ng US ang nagpapanatili sa monopolyo sa lupa at ng ekonomiyang atrasado, agraryo, at pre-industriyal sa ating bayan. Kasabwat ang mga sunud-sunod na mga papet na rehimen sa pagpapasidhi ng iba't-ibang anyo ng pagsasamantala sa mga magbubukid, manggagawang agrikultural at sa sambayanang Pilipino sa kabuuan, lalo na ngayon sa panahon ng imperyalistang globalisasyon.

Sentral na tinutugunan ng pakikibaka para sa tunay na demokrasya ang paglutas sa saligang problema sa lupa ng mayorya ng populasyon sa Pilipinas, ang masang magsasaka. Nakatuon ito pangunahin sa pagbuwag sa monopolyo

sa lupa, libreng pamamahagi sa mga magsasaka at manggagawang-bukid na wala o kulang sa lupang mabubungkal, at nasyunalisasyon.

## IV. PUKAWIN, ORGANISAHIN AT PAKILUSIN ANG MGA MANGGAGAWANG AGRIKULTURAL!

Wala sa bokabularyo ng mga papet na rehimen ang mga lehitimong kahilingan at interes ng mga manggagawang agrikultural. Naglilingkod lamang ang mga ito sa mga malalaking panginoong maylupa, burgesya komprador at imperyalista. Dahil dito, matinding kahirapan ang kinakaharap at haharapin pa ng mga manggagawang agrikultural at ng buong sambayanang Pilipino kung hindi mapupukaw, maoorganisa at mapapakilos para sa kanilang mga interes at lehitimong karapatan.

Labanan ang pasistang panunupil ng estado at papet na rehimen at pag-ibayuhin ang pakikibaka para sa mga batayang kahilingan at interes ng manggagawang agrikultural at sambayanang Pilipino! Kinakailangang abutin ang pinakamalawak na bilang at konsentrasyon ng mga manggagawang-bukid at manggagawang agrikultural sa loob ng mga asyenda at plantasyon. Organisahin at pakilusin ang malawak na bilang mga manggagawang agrikultural at ipaloob sila sa mga samahan, asosasyon at unyon ng mga manggagawa sa agrikultura sa ilalim ng bandila ng UMA.

Maging aktibo sa pagpapahigpit pa ng batayang alyansa ng mga magsasaka at manggagawa. Sinasalamin ng mga mangagawang agrikultural ang magkatuwang na pakikibaka ng mga magsasaka at manggagawa para sa tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon.

Patuloy na maglunsad ng mga koordinadong kampanya kasama ang iba't ibang demokratikong sektor, makipag-alyansa sa mga progresibong grupo at institusyon, at lumahok sa gawaing internasyunal.

## V. PANGKALAHATANG PROGRAMA NG UMA

1. Pahigpitin ang pagkakaisa sa pagitan ng kilusang magbubukid at kilusang paggawa para sa pagsusulong ng tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon.
2. Organisahin ang mga manggagawang agrikultural. Aktibong itayo ang mga unyon at asosasyon ng mga manggagawang agrikultural at bigyang-daan ang transpormasyon ng mga tradisyunal na unyon.
3. Magpatupad ng mga kampanya sa edukasyon at mga programa para sa konsolidasyon ng mga organisasyon at pag-aangat ng panlipunang kamulatan ng mga manggagawang agrikultural at ng kanilang mga taga-suporta.
4. Magsagawa ng mga partikular na kampanya at aksyong masa para sa kagalingan at interes ng mga manggagawang agrikultural gaya ng kampanya para sa lupa, sahod, seguridad sa trabaho, benepisyo at demokratikong karapatan.
5. Ipagtanggol ang karapatang pantao ng mga manggagawang agrikultural at magbubukid.
6. Salagin ang dayuhan at imperyalistang dominasyon sa agrikultura na dikta ng mga institusyong gaya ng WTO, IMF-WB, at ng di-pantay na mga polisiya at tratado na ipinapatupad ng estado.
7. Isulong ang interes ng mga manggagawang agrikultural at magbubukid at ilantad at labanan ang mga polisiya ng estado na kontra sa kanilang mga kagalingan.
8. Umugnay sa mga lokal at pambansang kampanya para sa pambansang soberanya at pang-ekonomiyang kagalingan, batayang karapatan at interes ng sambayanang Pilipino.
9. Makipagkaisa sa iba pang grupo at demokratikong sektor upang isulong ang mga kampanya ng mga magbubukid at manggagawang agrikultural para sa lupa, sahod, benepisyo, karapatan at bungkalan.
10. Magpaunlad at magpatatag ng pagkakaisa at kooperasyon sa mga unyon at organisasyon ng manggagawang agrikultural at kanilang mga tagasuporta mula sa iba't ibang bansa.